

Pagsusuri ng mga alamat tungo sa pagbuo ng materyal sa MTB-MLE

Magno, Jelyn M. ✉

Biliran Province State University – Biliran Campus, Philippines (Magnojelyn143@gmail.com)

Received: 28 June 2022

Available Online: 8 July 2022

Revised: 2 July 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.339

Accepted: 8 July 2022

ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS



Abstract

The purpose of this study is to analyze the ten (10) selected legends of Region VIII, to construct a material in MTB-MLE. This study ensured to analyze the following: (1) theme, (2) symbolism, and (3) cultural norms. The content analysis method was used to probe the content of the selected legends, which are anchored on the Mimetic theory. It was found in this study that: in the theme, the people's adventures and endeavors, their protection and welfare, and the value of trust are emphasized the most. In symbolism, there are many differences in the symbols that appear in each legend. It has its meaning as to why it has become its symbol. And in the cultural customs, farming, fishing, and bartering dominate as the main livelihood of the people. Based on the findings, the conclusion formed that the selected legends reveal the theme, symbolism, and cultural customs contained in the selected legends of Region VIII. After knowing the analysis performed, the following recommendations suggest (1) encourage students to exchange ideas to better understand the theme and cultural significance of each legend, (2) review other local literary works so that they can be disseminated and used especially by teachers who teach MTB-MLE and literary criticism, and (3) collect legends from different regions and train students to analyze the themes, symbolism, and cultural practices of each legend.

Keywords: legend, theme, symbolism, cultural norms, MTB-MLE

Pagsusuri ng mga alamat tungo sa pagbuo ng materyal sa MTB-MLE

1. Introduction

Lahat ng bagay may pinagmulan, lahat ng bagay ay may dahilan kung bakit sila nabuo, hindi lamang maging ignorante tayo sa sarili nating pinagmulan. Bata pa lamang tayo nang kinamulatan ang mga alamat, ito'y mga kwentong nagmula pa sa malawak na imahinasyon ng ating mga ninuno. Batay sa pag-aaral ni Pamposa (2019), ang panitikan ang pangunahing salamin ng kultura ng sambayanan. Dito inilalarawan ang kanyang kahapon, ngayon at hinaharap. Dahil sa magkakaibang mga pamaraan ng pagpapahayag ng mga damdamin at kaisipan ng bawat tao, nagiging sari-sari rin ang anyo ng panitikan. Nagsimula ito bilang pasalitang pagpapahayag o salim-bibig hanggang sa landasin nito ang daan tungo sa pagkalimbag, patuloy itong dumaloy hanggang sa kasalukuyan sa iba't ibang anyo tulad ng alamat. Ang alamat ay isang uri ng panitikan na nagkukuwento tungkol sa mga pinagmulan ng mga bagay-bagay sa daigdig. Ito ay mga kwento ng mga mahiwagang pangyayari na nagpasalin-salin sa bibig ng mga taong- bayan kaya't walang pagmamay-ari o masasabing may-akda ito. Ito ay karaniwang tumatalakay sa mga katutubong kultura, kaugalian o kapaligiran.

Ayon kay Gerald Yason (2012), ang alamat ay: maganda tulad ng pagiging matapat, matapang, matulungin at sa mga katangiang hindi maganda tulad ng pagiging mapaghiganti, masakim, o mapanumpa. Ngunit sa bandang huli ang kwento ay kapupulutan ng aral para sa ikabubuti ng iba. Ito ay sumasalamin sa kultura ng bayang pinagmulan nito. Ayon naman kay Arrogante (2010) sa pagbanggit ni Gorumba (2019), ang bawat bansa ay may sari-sariling kultura, may sari-sariling pambansang pag kakakilanlan. Kung natural lamang sa bawat isa ang magkaroon ng sariling wika, natural din na magkaroon ang bawat isa ng sariling panitikan. Panitikang magsasalamin sa tangi at tunay na pagkatao, pagkalahi at pagkabansa.

Kaya't marami sa mga Pilipino ang nag-apuhap sa mga genreng pampanitikang ito upang pag-aralan, lalung-lalo na sa kaso ng mga katutubong panitikan. Ang ilan sa mga pag-aaral na ito ay ang pagsusuri sa nilalaman ng mga akda na sumasalamin sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino at ang pagtupad sa mga hangarin sa buhay. Ang pagtukoy sa mga kultural na konteksto o pagpapahalaga sa mga akdang pampantikan ay nakatutulong upang payabungin ang mga magagandang asal at tuluyang tanggalin ang mga di kaaya-ayang mga pag-uugali. Ang pagtitipon at pagsusuri sa mga akdang pampanitikan katulad ng alamat ay mga hakbang upang mapayabong ang kultura at panitikan ng isang bansa (Galdonez, 2022). Isinaad naman ni Villafuerte (2000), sa pagsusuri ng anumang akda ay dapat maging maganda ang paksa, may kalinisan ang wika at organisado ang paglalahad. Dahil dito, balak ihain sa pag-aaral na ito ang suriin ang mga piling alamat ng rehiyon VIII upang makabuo ng materyal sa MTB-MLE bilang karagdagang kagamitang pang-instruksiyunal.

1.1 Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito ay tipunin at masuri ang mga alamat ng rehiyon VIII upang magsilbing karagdagang kagamitang pang instruksiyunal sa pagtuturo ng MTB-MLE. Titiyakin sa pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod: (1) tema, (2) simbolismo at (3) kaugaliang pangkultural.

2. Metodolohiya

Ang bahaging ito, ay tumatalakay sa mga pamamaraan na ginawa at ginamit sa pagsusuri.

Disenyo ng Pag-aaral - Ang ginagamit sa pag-aaral na ito ay "Qualitative Research Method" sa pagsusuri sa nilalaman bilang paraan sa pagsisiyasat sa mga napiling sampung alamat ng rehiyon VIII. Sa pamamaraang ito, sinusuri ang tema, simbolismo at kaugaliang pangkultural ng bawat nilalaman ng alamat at ito'y maisasakaturapan sa tulong ng teoryang mimetiko. Ang Teoryang Mimetiko ay hango sa salitang Griyego na "mimesis" na nangangahulugang imitasyon at representasyon sa buhay. Ginagamit ito ng mga manunulat sa

kanilang obra maestra upang makabuo ng bago at pangalawang kahulugan na nakukuha sa imitasyon ng buhay. Ang teoryang ito ay naglalahad sa ideya ng sining ng panggagaya batay sa katotohanan. Ito ang teoryang ginamit para mas mapalalim pa ang pag-aaral na ginawa ng mananaliksik.

Ang qualitative research ay naglalayong makakuha ng malalim na pag-unawa ukol sa kaugalian, tradisyon at kultura ng isang bansa. Sumasagot ang pag-aaral na ito sa mga tanong na paano at bakit naisagawa ang naturang desisyon hindi lamang sa ano, kalian at saan. Ayon kina Fraenkel at Wallen (1994), ang “content analysis” ay isang mabisang proseso ng pag-aaral ng tiyak na pagpapatibay ng pag-aaral at pagsusuring komunikasyon sa sistematikong maglayon at madaling paraan sa pagsukat ng baryabol.

Kaligiran ng Pag-aaral - Ang rehiyon VIII ay napapaligiran ng tubig, mabundok, at may malalim na lambak at dalampasigan. Ang Leyte ay mabundok samantalang ang Samar ay maburool at walang kapatagan. Isinasaad na malimit dalawin ng bagyo ang Silangang Visayas dahil sinasabing ito ay nasa “typhoon belt”.

Kasangkot ng Pag-aaral - Sa pag-aaral na ito, binigyang pansin ang mga alamat ng rehiyon VIII. Natukoy at natipon ang sampung (10) alamat sa rehiyon VIII. Ang mga ito ay ang sumusunod: “Alamat ng Catarman Samar”, “Alamat ng Leyte”, “Alamat ng Siyudad ng Tacloban”, “Ang Kataksilan ni Sinugo”, “Si Carolina ang Prinsisa ng Siyudad ng Biringan”, “Alamat ng Basey”, “Alamat ng Samar at Leyte”, “Alamat ng Inopacan Katimugang Leyte. “Alamat ng Bayan ng Kawayan”, at “Alamat ng Isla de Panamao”.

Paraan ng Pangangalap ng Datos - Sa pag-aaral na ito, nilikom at pinili ang sampung (10) alamat ng Rehiyon VIII sa pamamagitan ng pangangalap ng datos sa iba’t ibang websayt sa internet gamit ang random sampling. Sa kagustuhang maging organisado ang ginawang pag-aaral, kakikitaan ang pagsusuri sa bawat nilalaman ng alamat ng mga talahanayan. Mula sa unang bahagi ng pag-aaral hanggang sa ika-apat na bahagi ay inaangkuhan ng mga talahanayan. Sa loob ng bawat talahanayan ay kapapalooban ang mga ito ng pinakabuod na analisis na makikita ng mananaliksik. Ang nasa loob ng talahanayan ay ipinaliwanag nang husto sa mga kasunod na talata ng bawat talahanayan. Ito ang napiling paraan ng mananaliksik upang maging madali, organisado at tiyak ang paglalahad sa bawat pagsisiyasat ng mga sumusunod. Ito ang ginamit na pagkasunod-sunod ng mananaliksik una, ang tema, pangalawa ang simbolismo at ang huli naman ay ang kaugaliang pangkultural.

3. Resulta ng Pagsusuri

Sa pamamagitan ng mga talahanayan sa bawat bahagi, nailalahad nito nang mabisa ang ginawang pagsusuri.

3.1 Tema

Sa bahaging ito sinuri ang tema ng bawat alamat. Ang tema ang pangkalahatang kaisipan na nais palutangan ng may-akda ng kwento upang mas maintindihan ng mga mambabasa. At ang kaisipang ito ang binibigyan ng layang maikintal sa isipan ng mga mambabasa. Ang tema ang siyang sentrong ideya o paksa ng kwento. Ito ang nagtuturo sa kung saan patutungo ang daloy ng kwento sa loob ng akda. Maaaring maging tema ang mga sumusunod: palagay sa mga naganap na pangyayari sa lipunan, obserbasyon ng may-akda tungkol sa pag-uugali ng tao, paniniwala sa isang katotohanan o pilosopiyang tinatanggap ng tao sa buong daigdig sa lahat ng panahon ito ang dahilan ng pagkakasulat ng may-akda. Ang kahalagahan ng tema ay bigyan ng kulay ang isang kwento. Dahil dito, mahalagang matukoy ang tema ng alamat upang malinaw na maunawaan ang nais iparating nito. Sa pagsusuri nito ay makikita ang mensahe na nais ipabatid ng may-akda. Dito rin mapupulot ang mga aral at magandang asal na inihahatid ng alamat.

Pagkatapos masuri ang mga piling alamat, natuklasan na ang mga nangigibabaw na tema ay ang pakikipagsapalaran ng mga tao, pagprotekta sa mga nasasakupan at huwag kaagad magtiwala sa kapwa. Kahit ang mga alamat na ito ay may magkakaibang tema, kung mababasa ay may pagkakatulad naman ito sa isa’t isa at maihahambing sa mga napagdaanan ng mga tauhan. Ang mga temang nabuo ay nagpapakitang ang mga Waray ay handang makipagsapalaran sa buhay kahit anong unos, bagyo, sakuna o problema man ang dumating ay kaya

nilang harapin at ipagpatuloy ang kanilang buhay. Ipinapakita na ang pagiging matapang ng Waray na handang ipaglaba ang kanilang mga nasasakupan at hindi hinahayaang apihin sila ng iba. Nagpapakitang ang mga Waray din ay pinapahalagahan ang tiwala nila sa isang tao dahil ang pagtitiwala ay siyang nagiging aral o gabay sa kanilang mga alamat.

Talahanayan 1

Tema

Mga Alamat	Tema
Alamat ng Catarman Samar	Iba't ibang lengguwaheng ginagamit na pananalita ay nagdudulot ng hindi pagkakaunawaan sa isa't isa.
Alamat ng Leyte	Pagtulong sa kapwa kahit hindi mo man ito kadugo ay nagdudulot ng kasiyahan sa buhay.
Alamat ng Siyudad ng Tacloban	Pagkagahaman ng salapi ay nagdudulot ng masama sa isang tao.
Ang Katakasilan ni Sinugo	Tunay na walang mabuting maidudulot ang pagtataksil natin sa ating kapwa tao.
Si Carolina ang Prinsesa ng Biringan City	Huwag agad maniniwala sa isang taong hindi natin masyadong kilala kung ano ang pinanggalingan sapagkat maaaring ipahamak tayo nito nang walang kamalay – malay.
Alamat ng Basey	Pagkakaisa ay nagiging susi upang makamit ng kahit sinumang pangkat ng tao ang kanilang anumang hangarin sa buhay.
Alamat ng Samar at Leyte	Kawalan ng paggalang sa kahit anumang bagay na pagmamay-ari ng iba ay nagiging sanhi ng hidwaan.
Alamat ng Inopacan katimugang Leyte	Walang kahit na isang masamang plano ang nagtatagumpay laban sa mga taong may mabubuting intensiyon at hangarin.
Alamat ng Kawayan	Pagtutulungan sa pagpapayabong ng mga likas na yaman ay nagbibigay ng maraming biyaya sa mga mamamayan.
Alamat ng Isla de Panamao	Maging mapanuri sa mga bagay bago ito paniwalaan.

3.2 Simbolismo

Sinasaad na ang simbolismo ay isang masining na pamamaraan na ginagamit upang ipaliwanag ang mga bagay na hindi nakikita sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang simbolo. Nilalayon nito na ipakita ang mga nakatagong kahulugan at panloob na mga kaisipan. Nakadaragdag din ito sa angking karikitan ng isang akdang panliteratura. Sa isang alamat makakatulong nang malaki ang mga simbolo upang makapagdulot ng kaisahang diwa.

Talahanayan 2

Simbolismo

Mga Alamat	Simbolismo	Kahulugan
Alamat ng Catarman Samar	Itak	Kahusayan at pagiging masinop ng magsasaka sa larangan ng pananim
Alamat ng Leyte	Bracelet	Nagpapakita kung gaano kamahal ng dalaga ang bata
Alamat ng Siyudad ng Tacloban	Higanteng Alimango	Biyaya o malaking salapi
Ang Katakasilan ni Sinugo	Gintong Kabibe	Malakas na kapangyarihang matataglay ng kung sino man ang lulunok nito
Si Carolina ang Prinsesa ng Biringan City	Mahiwagang Lungsod ng Biringan	Nagpapahiwatig na may nanirahan pa sa mundo na hindi natin kauri at hindi natin nakikita sa araw-araw
Alamat ng Basey	Bato	Proteksyon at pag-asa na kayang-kaya nilang ipanalo ang pagsubok
Alamat ng Samar at Leyte	Karagatan	Napaka- masaganang likas na yanmang dagat nating mga Pilipino.
Alamat ng Inopacan Katimugang Leyte	Pirata	Suliranin na siyang nagpapahirap sa ating katatagan
Alamat ng Kawayan	Kawayan	Panangga o proteksyon sa lahat ng bagay na iyong ginagawa
Alamat ng Isla de Panamao	Kakaw	Kasaganaan, katiwasayan ng pamumuhay

Pagkatapos masuri, ang mga piling alamat, natuklasan din ang pagkakaiba-iba ng mga simbolong lumitaw

sa mga alamat. Maraming mga bagay ang sumisimbolo sa paghihirap ng mga tao, sa pakikipagsapalaran sa buhay, sa pakikipaglaban at pagprotekta nila sa kanilang nasasakupan, sa pagpapakita ng kabayanihan at marami pang iba. Sari-saring mga simbolo ang natuklasan sa mga alamat at ang mga ito ay may iba't ibang pagpapakahulugan.

3.3 Kaugaliang Pangkultural.

Sa kultura nakikilala ang isang lugar at ang kanyang mga mamamayan. Ang kultura ay mabisang kasangkapan sa pambansang pagkakaisa dahil dito naipapahayag ang tunay na diwa ng pakikipagkapwa. Kahit na ang mga ito ay makaluma, maaari itong pagbatayan ng mga kabutihang asal na dapat ipamana sa mga sumusunod na henerasyon. Kung kaya't nararapat nating panatilihin buhay ang ating mga kultura sapagkat dito nasasalig ang ating pagkakakilanlan, kaisahan, kamalayan at kinabukasan.

Ayon kay Arrogante (2010), sa pagbanggit ni Amat (2020), na ang panitikan ng isang bansa ay sumasalamin sa mga paniniwala, kultura at tradisyon nito. Sa panitikan ibinubuhos ng mga tao ang kanilang mga saloobin, nararamdman at nakikita sa kanilang katayuan kaya repleksyon ang panitikan kung ano ang pamumuhay sa isang bansa. Ang panitikan ay nagsasalaysay ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng ibat ibang uri ng damdaming tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalugkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasukam, sindak at pangamba.

Ang kaugaliang pangkultural ay tumutugon sa pamumuhay at tradisyon na matatagpuan sa isang akda. Binanggit ni Galdonez sa kanyang pag-aaral (2022), ang pagtukoy sa mga kultural na konteksto o pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ay nakatutulong upang payabungin ang mga magagandang asal at tuluyang tanggalin ang mga di kaaya-ayang mga pag-uugali. Sa pagsisiyasat sa kaugaliang pangkultural ay mahalagang matukoy ang isinasaad sa akda upang mas malinaw at madali ang paglalarawan nito.

Talahanayan 3

Kaugaliang Pangkultural

Mga Alamat	Kaugaliang Pangkultural
Alamat ng Catarman Samar	Pagbabarter, Handicraft, at Pangingsda
Alamat ng Leyte	Pagbigay ng bracelet, Leyte Kasadyaan Festival
Alamat ng Siyudad ng Tacloban	Paggawa ng basket, Pintados – Kasadyaan Festival
Ang Kataksilan ni Sinugo	Pagkakaroon ng pinuno
Si Carolina ang Prinsisa ng Biringan City	Paniniwala sa mga pamahiin
Alamat ng Basey	Vinta, paghahabi ng banig
Alamat ng Samar at Leyte	Pangingsda, Kuratsa, Pagtatanim
Alamat ng Inopacan katimugang Leyte	Anting-anting
Alamat ng Kawayan	Pagsasaka at pagtatanim, Subingsubing Festival
Alamat ng Isla de Panamao	Pananim, Hudyaka

Pagkatapos masuri ang mga piling alamat, natuklasan ang mga nangingibabaw na kaugaliang pangkultural at ito ay ang pagsasaka, pangingsda at pagbabarter bilang pangunahing pangkabuhayan ng mga tao, paniniwala sa mga elemento at bagay na hindi maipaliwanag ng siyensya, pag-aalay ng isang bagay para sa minamahal o para sa hinahangad, at pagkakaroon ng mga pistang ipinagdiriwang sa kanyang – kanyang lugar.

Ang mga kaugaliang pangkultural na natuklasan ay nagpapakita na noong unang panahon ay payak ang pamumuhay ng mga Waray at ang kanilang pangkabuhayan lamang ay ang pangingsda, pagsasaka o pagtatanim at pagbabarter na magpahanggang ngayon ay kanila pa ring ginagawa. Ipinapakita na maraming paniniwala ang mga Waray sa mga elemento at mga bagay na nababalot ng misteryo at hiwaga. At maliban diyan ipinapakita rin na nag-aalay ang mga Waray ng mga bagay o magbibigay sila ng mga bagay tanda ng pagmamahal nila sa isang tao o kaya'y para makamit ang kanilang mga hinahangad. Gayunpaman, mayaman pa rin sa mga kaugaliang pangkultural ang mga Waray na maging sa kasalukuyang panahon ay kanila pa ring ginagawa.

Binanggit sa tesis ni Torre Franca (2015) ang kaugalian sa kulturang kinamihansan ng mga Pilipino tulad ng

pakitungo ay ipinapakita at paninindigan ng tao sa isang ugali, paggalang at kagandahang-asal ay ipinapakita at paninindigan ng tao sa isang lipunan na kanyang kinabibilangan.

4. Kongklusyon at Rekomendasyon

4.1 Kongklusyon

Batay sa ginawang pagsuri ng mananaliksik sa mga piling alamat ng rehiyon VIII, nakabuo siya ng isang materyal na magsilbing karagdagang kagamitang-pang-instruksiyunal sa pagtuturo ng MTB-MLE. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbing gamit sa pagtuturo ng panitikang rehiyunal na nagtataglay ng gabay para sa mga mag-aaral at guro na may katiyakang magbibigay ng karagdagang pagkatuto at katulad na rin sa pagtuturo sa elementarya ngayon na ipinatupad na ang MTB-MLE na masanay magbasa ang mga bata at mabuksan ang hilig sa kwento, malinang ang mahusay na pagpapasya, mamulat sa ibang kultura, makapagdulot ng mabuting asal at maging bihasa sa pagsusuri ng mga nilalaman ng alamat.

4.2 Rekomendasyon

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na makatulong sa pamamagitan ng sumusunod na rekomendasyon:

- Hikayatin ang mga mag-aaral na magpalitan ng kuru-kuro para maunawaan ng husto ang tema at kaugaliang pangkultural ng bawat alamat.
- Iminumungkahi na marami pang magsusuri ng mga lokal na akdang pampanitikan nang sa gayon ito ay mapalaganap at magamit, lalong-lalo na sa mga gurong nagtuturo ng MTB-MLE at panunuring pampanitikan.
- Maglikom ng mga alamat sa iba't ibang rehiyon at sanayin ang mga mag-aaral na suriin ang mga tema, simbolismo, at kaugaliang pangkultural ng bawat alamat.

5. Sanggunian

- Amat, A. B. (2020). Pag-uugat sa kultura ng pagkakasakit ng mga Taclobanong Hilagang Leyte, *International Journal of Research Studies in Education*, 9(3), 31.
- Fraenkel, J., & Wallen, N. (1994). *How to design and evaluate research in education*. Mc Graw Hill.
- Galdonez, D. P. (2022). Tipon, salin at suri ng mga kwentong bayang Iloko. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(1), 38.
- Gorumba, J. A. (2019). Pagsasalin at pagsusuri ng akdang panitikan ni Jesus Sanchez. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7(1), 64.
- Mimesis. (2012). *Encyclopedia Britannica. encyclopedia britannica ultimate reference suit*. Encyclopedia Britannica.
- Pamposa, R.-L. (2019). Tekstong salin ng mga piling alamat sa ika-apat na distrito ng Iloilo. *Asia Pacific of Multidisciplinary Research*, 7(1), 70.
- Torre Franca, J. (2015). *Wika ng kultura at nasyonismo sa mga piling sanaysay ni Conrado De Queros*. Cebu Normal University.
- Villaforte V. (2008). *Panunuring pampanitikan (teorya at pagsasanay)*. Mega Jesta Prints.
- Yason, G. (2012). *Kahulugan ng alamat*. Retrived from http://www.scribd.com/doc/101028302/kahulugan_ng_alamat/scribd